MAIL PERMIT No. 2C-17-05-533/ ENTERED AS 1ST CLASS ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Taon 10 Blg. 4 May 26-June 1, 2025 P10.00




*P/Col. Alegre, lumahok sa event…*

# P5.32 BILYONG HALAGA NG DROGA, WINASAK SA CAVITE


p.2



PNP CALABARZON, NAGSAGAWA NG SIMULTANEOUS OPERATION BAKLAS- story p.7




DOST Region 1, PNRI Strengthen Local Capacities on Radiation Safety and Emergency Preparedness- story p.7




PGC RECOGNIZES TOP PERFORMING OFFICES AND FRONTLINERS FOR OUTSTANDING PUBLIC SERVICE IN CELEBRATION OF EASE OF DOING BUSINESS MONTH- story p.4




Calling all job seekers! Your career journey begins at the SM Retail Job Fair on May 29, 2025 at the Main Event Center, SM City Dasmariñas! Whether you're into fashion, hardware, customer service, or more, there's a spot waiting for you. Get hired on the spot by top brands like The SM Store, Watsons, SM Supermarket, Ace Hardware, and many more!
Register now: https://forms.gle/c5jpRdkBKCt8z1ed7
Bring your resume, valid IDs, and a pen.

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0968-7122927

*P/Col. Alegre, lumahok sa event...*

# P5.32 BILYONG HALAGA NG DROGA, WINASAK SA CAVITE

**TINATAYANG** nasa P5.32 bilyong halaga ng iligal na droga at iba pang illegal substance ang winasak kamakailan sa Trece Martires City, Cavite.

Lumahok si P/Col. Dwight E Alegre, Acting Provincial Director ng Cavite Police Provincial Office sa nasabing 'Destruction of Dangerous Drugs' na isinagawa sa Integrated Waste Management, Inc. (IWWI) Barangay Aguado, Trece Martires City nitong Mayo 20.

Ang aktibidad ay pinangunahan ni Usec. Isagani R. Nerez, Director General ng Philippine Drug Enforcement Agency.

Nagbigay si Usec. Nerez ng welcome address kasunod ay ang pagpapakilala sa panauhing pandangal at tagapagsalita na si Secretary Oscar F. Valenzuela, Chairperson ng Dangerous Drugs Board,

Inihayag ni Secretary Valenzuela ang suporta sa mga hakbang ng gobyerno upang masugpo ang paglaganap ng ipinagbabawal na gamot sa bansa.

Sa panig naman ni P/Col. Alegre ay ipinaabot nito ang buong suporta sa mga hakbangin ng PDEA at DDB.

"Ang pagsasagawa ng ganitong mga aktibidad ay patunay ng seryosong pagtutok ng ating pamahalaan at kapulisan sa pagwawakas ng salot na droga sa ating mga komunidad," ayon kay P/Col. Alegre.

Aniya, ang naturang aktibidad ay patuloy na nagpapatibay sa koordinasyon at pagkakaisa ng mga ahensya ng pamahalaan sa laban kontra iligal na droga tungo sa isang ligtas at maayos na lipunan.

Samantala, kasama rin sa nasabing programa si P/BGen Benjamin DL Sembrano, Director ng PNP Forensic Group, na nagpamalas din ng buong suporta sa proseso ng ligtas at tamang pagwasak ng mga ebidensyang droga alinsunod sa batas.

# Regional Level MWP sa Bacoor, himas-rehas

**HIMAS**-rehas na ang isang Regional Level Most Wanted Person matapos maaresto kamakailan sa Bacoor City, Cavite.

Ang suspek na kinilalang si alyas Zenaida, residente ng Barangay Molino 3, Bacoor City, ay naaresto dakong alas- 4:30 ng hapon nitong Mayo 21.

Isinagawa ang operasyon ng magkasanib puwersa ng Warrant Section ng Bacoor Component City Police Station, na siyang lead unit, at ng 401st Maneuver Company, Regional Mobile Force Battalion 4A gamit ang Alternative Recording Device.

Inaresto ang suspek kaugnay ng kasong paglabag sa Seksyon 5 at 11, Artikulo II ng Republic Act No. 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Nagmula ang warrant of arrest sa Regional Trial Court, Branch 19, Bacoor City, Cavite, na may petsang Mayo 14, 2025.

Ang korte ay walang piyansang inirekomenda para sa kasong nasa ilalim ng Section 5, at para naman sa Section 11 ay halagang P 200,000.00 ang recommended bail.

# CAVITE PNP, NAKI-ISA SA REGIONAL SIMULTANEOUS OPLAN BAKLAS

**Camp BGen Pantaleon Garcia, Imus City, Cavite —** Nakiisa ang Cavite Police Provincial Office, sa pamumuno ng Acting Provincial Director na si PCol Dwight E Alegre, sa Simultaneous Operation Baklas na inilunsad ng Police Regional Office CALABARZON ngayong araw, Mayo 20, 2025.

Isinagawa ang sabayang pagtanggal ng mga campaign posters, streamers, at iba pang election-related materials na ilegal na nakapaskil sa iba't ibang lugar sa lalawigan ng Cavite, katuwang ang mga City at Municipal Police Stations sa kanilang mga Area of Responsibility (AOR).

Ang aktibidad ay isinagaw bilang suporta sa kampanya ng PNP upang ipatupad ang mga batas at regulasyon ukol sa election propaganda materials, at bilang paghahanda na rin sa nalalapit na tag-ulan sa pamamagitan ng clean-up drive.

"Ang Operation Baklas ay hindi lamang para sa pagpapanatili ng kaayusan sa panahon ng eleksyon. Isa rin itong hakbang tungo sa kalinisan at kahandaan ng ating mga komunidad laban sa mga panganib ng pagbaha," pahayag ni PCOL Alegre.

Nagpapatuloy ang Cavite PNP sa pagtugon sa direktiba ng PRO CALABARZON at ng pambansang pamunuan ng PNP upang matiyak ang mapayapa, maayos, at malinis na eleksyon sa buong lalawigan.

# May kaso ng iligal na droga 'nadakma'

**NADAKIP** ng mga awtoridad ang isang Regional Level Most Wanted Person na may kinakaharap na kasong droga sa Silang, Cavite kamakailan.

Ang suspek na si alyas Ruel na kasalukuyang naninirahan sa Block 90, Lot 3, Barangay Ipil 2, Silang, ay naaresto sa bisa ng Alias Warrant of Arrest.

Siya ay nadakip dakong alas-11:45 ng umaga nitong Mayo 20 sa nasabing barangay.

Inisyu ang naturang warrant ng Regional Trial Court, Branch 133, Tagaytay City, Cavite kaugnay ng kasong paglabag sa R.A. 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002, partikular sa Sale, Trading, Administration, Dispensation, Delivery, Distribution, at Transportation of Dangerous Drugs (Art. II, Section 5, Paragraph 1) at walang inirekomendang piyansa para sa suspek.

Isinagawa ang operasyon ng mga kawani ng Warrant Section ng Silang Municipal Police Station gamit ang Alternative Recording Device.

# Wanted sa Rosario, naaresto

NAARESTO ng mga awtoridad ang isang Regional Level Most Wanted Person kamakailan sa Rosario, Cavite.

Kinilala ang suspek na si alyas Leo, naninirahan sa Barangay Sapa 2, Rosario. Siya ay naaresto sa Gen. Trias Drive, Barangay Tejeros Convention, Rosario, dakong alas-7:20 ng gabi nitong Mayo 19.

Ang pagkakadakip sa suspek ay sa pamamagitan ng warrant of arrest para sa tatlong bilang ng Rape sa ilalim ng Art. 266-A (1) kaugnay ng Art. 266-B ng Revised Penal Code, at isang kaso ng Sexual Assault sa ilalim ng Art. 266-A (2) ng RPC kaugnay ng Section 5 (B) ng R.A. 7610.

Batay sa Regional Trial Court, Branch 17, Cavite City, na may petsa nitong Abril 8, ay walang inirekomendang piyansa para sa tatlong kaso ng Rape, habang P200,000.00 ang recommended bail para sa Sexual Assault.

Isinagawa ang operasyon ng Warrant Section ng Rosario Municipal Police Station katuwang ang Regional Intelligence Division/Regional Special Operations Unit (RID/RSOU), na gumamit ng Alternative Recording Device.

# Kalinisan, paalala sa mamamayan ng Pamahalaang Lungsod ng Carmona

**PATULOY** ang pagpapaalala sa publiko ng Pamahalaang Lungsod ng Carmona hinggil sa pagpapanatili ng kalinisan para sa kaaya-ayang kapaligiran.

Kaya naman mahigpit ang babala ng City Government of Carmona sa lahat kaugnay ng pagbabawal sa pagkakalat at pagtatapon ng kahit ano mang uri ng basura sa mga pampublikong lugar.

Nabatid na ito ay batay na rin sa umiiral na Municipal Ordinance No. 007-06 o Municipal Environment Code.

Mayroong kaakibat na kaparusahan sa mga aktong mahuhuling lalalabag gayundin ang mga maiuulat na hindi rin sumunod sa naturang ordinansa.

Dito ay maaaring kuhanan ng litrato o picture at pwede ring bidyuhan o kunan ng video ang makikita at mahuhuli sa aktong nagkakalat at nagtatapon ng basura.

Ang video o picture ay maaaring ipadala sa OCENRO (ocenro@carmona.gov.ph) at CITCAO (mitcao@carmona.gov.ph).

Papatawan ng multa na mula P 300.00 (First Level) hanggang Php 2,500.00 (Maximum Level) o/at ng community service ang mga lalabag.

Samantala, ang magre-report at magpapadala ng picture o video ay mayroong nakalaang pabuya na ang matatanggap na halaga ay ang limampung porsiyento (50%) mula sa nabanggit na kaukulang multa.

# HVI, tiklo sa P340K 'bato'

**TIKLO** ang isang High Value Individual sa operasyong isinagawa ng pulisya na nagresulta sa pagkakakumpiska ng P340K halaga ng umano'y shabu sa Bacoor City, Cavite kamakailan.

Ang suspek ay nakilalang si alyas Boss, residente ng Lagazo Compound, Barangay Panapaan 3, Bacoor City.

Siya ay naaresto ng mga tauhan ng Bacoor Component City Police Station sa Lagazo Compound, Barangay P.F. Espiritu 3, Bacoor City, dakong alas-5:45 ng hapon nitong Mayo 19.

Nakuha sa pag-iingat ng suspek isang knot-tied transparent plastic bag at isang heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu na may tinatayang timbang na higit kumulang 50 gramo at halagang P340,000.00 ayon sa Standard Drug Price.

Isinagawa ang buy-bust operation ng mga operatiba ng Drug Enforcement Unit ng Bacoor CCPS na may koordinasyon sa PDEA.

## DEED OF EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS

**NOTICE** is hereby given that the estate of the late DANILO H. AITES who died on December 24, 2008 at 7161 N.T. Garcia St. San Dionisio Paranaque City left a house and lot with **Tax Declaration No. 19-238-0070-05559** and **19-238-0070-05558** located at Camella Springville Molino VII, Bacoor City, Province of Cavite and more particularly described as **Transfer Certificate of Title No. T-490143** containing an area of **EIGHTY FOUR (84) SQ. METERS,** was extrajudicially settled by the surving heirs, executed before Notary Public Atty. Joebert D. Abibas as per Doc No. 468; Page No. 95; Book No. XIV; Series of 2025.

**Publication: HANEP** May 19, 26 & June 2, 2025

## DEED OF EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS

**NOTICE** is hereby given that the estate of the late ALFREDO F. MILLARES SR. who died on October 16, 2014 at 140 Ildefonso St. Andrea Village 2, Bacoor City, Province of Cavite left a house and lot with **Tax Declaration No. 19-238-0032-00893** and **19-238-0027-01321** located at 140 Ildefonso St. Andrea Village 2, Bacoor City, Province of Cavite and more particularly described as **Transfer Certificate of Title No. T-173971-** containing an area of **ONE HUNDRED EIGHTY ONE (181) SQ. Meters, more or less** was extrajudicially settled by the legitimate children and heirs, executed before Notary Public Atty. Joebert D. Abibas as per Doc No. 427; Page No. 87; Book No. XIV; Series of 2025.

**Publication: HANEP** May 12, 19 & 26, 2025

# Editoryal

## Pag-amyenda sa party-list law

SINASABING ang party-list ay hindi na marginalized at underrepresented. Kaya naman kinakailangan at napapanahon para amyendahan ang party-list law. Ang nasabing batas ay tumutukoy sa Republic Act No. 7491 o ang Party-list System law. Sa pamamagitan nito ay mapapahintulan lamang ang mga lehitimong grupo na kumakatawan sa mga marginalized sector na makilahok. Nilalayon ng RA 7941 ang pagsulong ng proporsyonal na representasyon sa Kongreso sa pamamagitan ng party-list system ng mga rehistradong partido o organisasyon ng mga Pilipinong kabilang sa marginalized at underrepresented sectors. Pananaw ng Commission on Elections na maging ang mga party-list na organisasyon ay laging nag-aasam ng isang bagong batas upang ipakita ang tunay na sentimyento ng mga marginalized at underrepresented na sektor.

# 'TSISMIS nina MARE at TESS

Batu-bato, tabi-tabi po!

Kwento ni CHIT MOZO

## Botohan... 'Naka bobo ka ba'

**Mare:** Tess…Tess…Nariyan ka ba ha? Sumagot ka at lumabas ka diyan.
**Tess:** Grabe ah, ang tining at lakas ng boses mo Tess. Eh bakit ka ba humahangos at ano naman ba ang sadya mo?
**Mare:** Hoy Tess, mahuhuli na tayo kaya bilisan mo na. 'Wag ka ng pakupad-kupad diyan at 'tara na.
**Tess:** Teka…teka Mare. May mga pulis ba? May mga NBI ba? May mga tanod ba ng barangay?
**Mare:** Ano'ng pinagsasabi mong pulis, NBI, at barangay tanod ha?
**Tess:** Sabi mo kasi 'di ba mahuhuli na tayo eh. Napapaligiran na ba tayo ng mga pulis, NBI, o mga tanod ng barangay?
**Mare:** Sus mayyanong garapon! Ikaw talaga Tess oh, ang ibig kong sabihin na mahuhuli na tayo eh late na tayo.
**Tess:** Malay ko ba kung ano ang ibig mong sabihin, kung makahangos at makatawag ka kasi eh talo mo pa ang sirena ng bumbero at ambulansiya.
**Mare:** Wala ng kuskos balungos pa at late na tayo kaya bilisan mo na Tess.
**Tess:** Late…late! Eh saan ba tayo male-late ha?
**Mare:** Saan tayo male-late? Saan pa eh 'di sa presinto, late na tayo.
**Tess:** Ha! Sa presinto ba tayo male-late? Ibig bang sabihin ay hinuli tayo o susuko tayo sa presinto? 'Tsaka ano pala kasalanan natin, may kaso ba tayo?
Mare: Wala tayo kasalanan at lalong wala tayong kaso. Dami mong tanong. Presinto, as in polling precint.
**Tess:** Polling precint para sa pagpili at pagboto ng mga kandidato, ganun ba 'yun?
**Mare:** Oo ganun nga 'yun kaya 'lika na at punta na tayo sa eskuwelahan para mahanap ang presinto natin na bobotohan.
**Tess:** Uy masyado ka naman excited, mahaba at matagal pa naman ang oras.
**Mare:** Mainam na 'yung medyo maaga para makatapos na rin tayo agad.
**Tess:** 'Tsika muna tayo Mare, maya-maya na tayo umalis.
**Mare:** Eh ano naman ang pagtsitsikahan natin?
**Tess:** Ano pa, eh tungkol sa ayuda. Alam mo naman na panahon lang ng kampanyahan tayo nakakabawi ng mga bigay-bigay ng kadidato.
**Mare:** Pangkaraniwan na 'yan, kalakaran talaga basta eleksiyon.
**Tess:** Korek! Alam mo ba na may mga nakuha ako kay candidate A pero mas marami kay candidate B.
**Mare:** Eh kay candidate C, nakakuha ka ba?
**Tess:** Susme! Nuknukan ng kuripot si candidate C at wala man lang binigay o ipinamahagi man lang kahit t-shirt.
**Mare:** Hahaha, makunat ba at kuripot si candidate C?
**Tess:** Super-duper sa kunat, parang belekoy hahaha.
**Mare:** Sure ka na wala talagang ipinamigay na kahit ano si candidate C?
**Tess:** Wala nga as in nganga. Buti pa sina candidate A at candidate B.
**Mare:** Sabi mo kanina, mas marami kang pakinabang kay candidate B.
**Tess:** Ay oo naman, dami talaga kasi mas galante si candidate B kesa kay candidate A.
**Mare:** 'Mamya na lang natin ituloy tsikahan natin at sumabay na tayo sa iba sa pagboto. Hayun at paalis na sila.
**Tess:** Ngayong andito na tayo sa iskul Mare, hintayan tayo ha. Basta kung sino una matapos makaboto ay hintay lang para sabay tayo uuwi at tuloy ang tsika natin.
**Mare:** Kanina ka pa ba naghihintay? Ang dami kasing bumuboto sa presinto namin eh. Nakaboto ka na ba?
**Tess:** Obyus ba, nakita mo naman itong kuko na may ink.
**Mare:** Let's go, uwi na tayo.
**Tess:** Maiba ako, sino ibinoto mo? Si candidate A ba o si candidate B?
**Mare:** Bakit mo naman inuusisa pa at bakit gusto mo pang malaman kung sino ibinoto ko?
**Tess:** Wala lang, atin-atin lang naman eh sino nga ba talaga ibinoto mo? For sure hindi si candidate C na makunat.
**Mare:** Ang tsika mo kanina eh wala man lang ipinamigay si candidate C na kahit ano.
**Tess:** 'Alaws naman talaga eh, walang kahit anong ipinamigay kaya malamang Mare na kundi si candidate A ay si candidate B ang ibinoto mo.
**Mare:** Mali ka Tess, si candidate C ang ibinoto ko.
**Tess:** Naka! Bobo ka ba? Bakit si candidate C, anong mapapala natin sa makunat at kuripot?
**Mare:** Hindi totoong walang ipinamigay si candidate C, nagbigay siya ng mga leaflets at mga babasahin.
**Tess:** Oo, yun lang ang mga ipinamigay ni candidate C at hindi ayuda kagaya nina candidate A at candidate B. Kaya ewan ko sa iyo Mare, naka! bobo ka ba talaga ha.
**Mare:** Iyon bang mga ipinamigay na flyers at babasahin ni candidate C ay binasa mo? Pinag-aralan at sinuri mo ba?
**Tess:** Bakit pa ako magtityagang magbasa 'nun, no way.
**Mare:** Maganda ang track records ni candidate C at ang kanyang plataporma.
**Tess:** Ewan…Ewan…Basta ulit-ulitin ko Mare ang tanong with expression, naka! Bobo ka ba?
**Mare:** Nasa tapat na pala tayo ng bahay ninyo Tess, nalibang tayo sa kwentuhan habang naglalakad. Pumasok ka na at diretso na ako sa bahay namin, saka na lang tayo uli magtsikahan.

--- Wakas ---

**TANONG:** Sino ang talagang bobo? Bahala na kayong humusga.

# Kalibre



ROMEO S. SANTOS
0977-7844136

## Dikit sa katotohanan na survey, dito ka na sa PAPI...next time!

**KALIWA' T** kanan ang mga survey noong hindi pa man sumasapit ang 2025 midterm elections.

Hindi naman kaila sa inyo ang mga pangalan ng mga kandidatong senador na naglalabasan sa iba't ibang survey.

Natapos ang botohan nitong Mayo 12 at pagkalipas ng limang araw ay pormal na iprinoklama ng Commission on Elections ang 12 nanalong senador.

Iba't ibang puna mula sa sambayanan ang resulta ng mga survey na kanya-kanya ring paliwanag ang ilang kumpanya pagkatapos ng halalan at bilangan ng mga boto.

Ang tingin at pananaw tuloy ng publiko ay tila palpak ang mga ipinapalabas na survey.

Alam ba ninyo na ang Publishers Association of the Philippines, Inc. (PAPI) ay nagsagawa rin ng survey para sa mga kandidatong senador.

Pero teka, sa lahat ng mga survey ay masasabi at maikokonsiderang credible o sadyang napakalapit sa katotohanan ay ang ginawa ng PAPI.

Ang senatorial preference survey ng PAPI nitong Abril 21 hanggang Mayo 6 ay kumuha ng datos mula sa 42,000 barangay sa buong bansa at nagsama ng mga input mula sa social media platforms na Facebook, YouTube, Instagram at pati na ang mga blogger.

Kabilang sa mga napisil na kandidato ng PAPI ay kinabibilangan nina Rodante D. Marcoleta, Christopher Laurence "Bong" Go, Ronald "Bato" Dela Rosa, Erwin Tulfo, Pia Cayetano, Imee Marcos, Tito Sotto, Ping Lacson, Camille Villar, Vic Rodriguez, Bong Revilla, at Bam Aquino.

Sampu ang pasok at dalawa lamang ang hindi pinalad kaya malinaw na malinaw na ang PAPI ay isang kapani-paniwalang pangalan o institusyon sa mga survey na may kaugnayan sa halalan kasunod ng mga resulta ng Mayo 12, 2025 national and local elections.

Sabi nga ni PAPI President Mr. Nelson Santos, ang mga resulta ay sumasalamin hindi lamang sa datos kundi sa boses ng mga Pilipino sa lahat ng antas ng pamumuhay.

Pagpapatunay lamang ito sa pangako ng PAPI na palakasin ang tunay na damdamin ng mga tao sa pamamagitan ng inclusive, transparent, at data-driven na mga pamamaraan.

Kaya saan ka pa, survey ba na sobrang dikit sa katotohanan eh dito ka na sa PAPI…next time!


# HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE K. BILLONES**
*Managing Editor*

Ang '**HANEP Basahin Mo Ito!**' ay inilalathala tuwing lunes ng **HANEP Publication** na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian Kawit, Cavite
**Contact#:** 0977-7844136/09687122927
**Website: https://hanep.net**
**Email:** ronejed@yahoo.com/ haneppublication@yahoo.com



**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**



***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.***
papi



**ADVERTISING RATES**
**COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm**
**LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm**

# PGC RECOGNIZES TOP PERFORMING OFFICES AND FRONTLINERS FOR OUTSTANDING PUBLIC SERVICE IN CELEBRATION OF EASE OF DOING BUSINESS MONTH

In line with Presidential Proclamation No. 818, declaring May as Ease of Doing Business (EODB) Month, the Provincial Government of Cavite (PGC) proudly honored its top-performing offices and frontliners for their exceptional commitment to fast, transparent, and people-first public service on May 19, 2025 at the Function Hall of the New Provincial Capitol Building in Trece Martires City.

Carrying the theme "From Red Tape to Red Carpet: Better Business Movement in a Bagong Pilipinas," this year's celebration is a testament to the dedication of individuals and departments who continuously transform challenges into innovative solutions and bureaucratic processes into efficient services.

Governor Athena Bryana D. Tolentino personally led the recognition ceremony right after the PGC flag-raising ceremony. In her message, the Governor extended her heartfelt congratulations to all the awardees, expressing her delight that many employees have been recognized for their outstanding performance and dedication.

She also emphasized that the core of public service lies in a unified mission – that is to serve for the betterment of fellow Caviteños and the province.

Leading the roster of recognized offices is the Office of the Provincial Veterinarian (OPV) with an impressive 2,584 commendations, a reflection of their unwavering dedication to animal welfare and public health.

The Provincial Information and Communications Technology Office (PICTO) followed with 257 commendations, highlighting their crucial role in advancing digital governance and transparency.

The Office of the Provincial Governor (OPG) ranked third with 230 commendations, a nod to their continued efforts in steering impactful governance.

Completing the Top 5 are Kawit Kalayaan Hospital, which garnered 70 commendations, and two offices tied in fifth place—Office of the Provincial Planning and Development Coordinator (OPPDC) and Doña Olivia Salamanca Memorial Hospital, each earned 15 commendations.

On the other hand, this year's most commended frontliners have demonstrated exemplary service and compassion, inspiring their peers across the provincial government.

At the top of the list is Dr. Kristine Roraldo from the OPV with a remarkable 1,145 commendations, followed by Dr. Gladys Credo with 973 commendations, and Dr. Gerry Romen with 357 commendations, all of whom play critical roles in animal and public health services.

From PICTO, Mr. Frederick Sayoc and Ms. Maria Isidra Bergunder received 88 and 87 commendations, respectively, for their outstanding service in ensuring seamless digital solutions, while Ms. Diwani Durano (30 commendations) and Ms. Maria Arianna Camille Dela Cruz (29 commendations) were likewise recognized for their dedicated support.

From OPG, Ms. Tricia May Lorio, Ms. Rachel Mae Morancil and Ms. Mary Joy Alano earned 48, 47 and 27 commendations, respectively, for their consistent delivery of responsive public service.

Awardees were identified based on the Client Satisfaction Survey Report for the year 2024 derived through the Client Feedback Mechanism of the PGC which covers 38 offices. Under the mechanism, the Customer Satisfaction Survey Form serves as a survey tool to appraise the services received by clients while Customer Commendation Form evaluates the personnel who rendered the service by providing specific commendation.

The feedback mechanism not only caters to commendation but also facilitates complaints, should there be any dissatisfaction emanating from the clients during their transaction in any office of the provincial government.

The recognition ceremony highlights the provincial government's ongoing mission to institutionalize ease of doing business, improve frontline services, and build a Bagong Pilipinas that prioritizes the welfare of every Caviteño.--- ***OPIO***

# Spike and Conquer: OPHO and OPHRMO reign supreme in PGC volleyball finals

The Provincial Government of Cavite's Sportsfest 2025 ignited the Provincial Gymnasium in Trece Martires City with electrifying volleyball matches, showcasing the athletic prowess and camaraderie of PGC employees. Commencing on February 25, 2025, the tournament culminated in thrilling victories and commendable performances across both men's and women's divisions.

Demonstrating exceptional teamwork and strategic play, the Office of the Provincial Health Officer (OPHO) emerged as the champions in the men's division.

Their journey to the top was marked by resilience and skill, setting a high standard for future competitions.

The Office of the Provincial Governor (OPG) secured the first runner-up position, followed closely by the Office of the Sangguniang Panlalawigan (OSP) as second runner-up, and the Treasurer's Office clinching the third runner-up spot.

In the women's division, the Office of the Provincial Human Resource Management Officer (OPHRMO) showcased unparalleled determination and coordination, earning them the championship title.

The OSP team displayed commendable effort, finishing as first runner-up, while OPHO and OPG secured the second and third runner-up positions, respectively.

Individual brilliance shone through as well, with Mr. Gabriel Hernandez of OPHO being named the Most Valuable Player (MVP) in the men's division for his pivotal role in leading his team to victory.

In the women's division, Ms. Ditas Matira of OPHRMO earned the MVP accolade, a testament to her exceptional performance and leadership on the court.

The PGC Sportsfest 2025 not only highlighted the athletic talents of its employees but also fostered a spirit of unity and sportsmanship, reinforcing the values that drive the Provincial Government of Cavite forward. ---***R. Dones (CPIO)***

# Upsets and continuity: Gubernatorial election results in CALABARZON proclaimed

The 2025 National and Local elections promised to bring a new direction of governance in the Philippines.

In the Calabarzon region, the gubernatorial elections saw switch-ups, where husband and wife and mother and son tandems were replaced by other familiar names.

Batangas, Rizal and Cavite: where bailiwicks formed

Batangas, Rizal and Cavite provinces have been known to be strongholds of political families for decades.

The Rectos of Batangas is an old political family whose generations stemmed from former Senator Claro M. Recto who played a key role in drafting the 1935 constitution.

Decades later, former actress Vilma Santos-Recto–wife of Claro's grandson and Finance Secretary Ralph– is leading the charge as the new governor-elect. Her son, Ryan Christian, is joining the House of Representatives as the newly-minted sixth district representative.

The Remullas, Bautistas, and Revillas of Cavite are also forming their impenetrable stronghold with Abeng Remulla and Ram Bautista-Revilla as Governor and Vice Governor-elect, respectively.

Meanwhile, the Ynareses of Rizal remained undefeated with Governor Nina continuing her duties at the Capitol alongside Pining Gatbalayan as Vice Governor.

Quezon: undefeated

Quezon Province has long rid of its very own dynasty through the triumph of Angelina Tan in 2022. Three years later, the physician-turned-politician is continuing her duties as the province's chief executive alongside Third Alcala as vice governor.

Tan, who won over the Suarezes in the previous election, remained unchallenged thanks to her health programs in the province. Meanwhile, Alcala–whose political ties can be traced to the father and son tandem in the Capital, Lucena–will continue to lead local legislation as Vice Governor.

Laguna: a tale of two women

It may have been wrong to pit women against women, but Laguna province was promised with a very different leadership style in Sol Aragones, a former journalist and outgoing Laguna Third District Representative, after winning against Ruth Mariano-Hernandez, outgoing Second District Representative and wife of outgoing governor-now-turned Congressman Ramil Hernandez.

Both Aragones and Mariano-Hernandez were members of the House of Representatives and have built respective networks of their own right. Aragones has found strong support in the 3rd district where she started the Alagang Sol program, while Mariano-Hernandez, who also shared popularity with her governor husband in the second district, kickstarted the Serbisyong Tama Kababaihan–a program for the Lagunense women.

Barely a day after the elections, but the electorate of CALABARZON is seeing clear winners who will be sworn into office by June 30. The only question that stands: will the (relatively) new faces live up to the expectations that go with their names? ***(PB/PIA 4A)***

# DOST-Cavite conducts the 2nd Saliklakbay Solutions Mapping and Immersion in Cavite

The Department of Science and Technology - Cavite conducted the 2nd Saliklakbay Solutions Mapping and Immersion to identify additional possible grassroots innovations (GIs) last May 16, 2025 in the municipalities of Maragondon and Magallanes, Cavite. The first activity was conducted last May 7, 2025 in Indang, Cavite. Representatives from the pentahelix partners continued to support this initiative in bringing science and technology to the communities in Cavite.

The team once again conducted interviews to the grassroots innovators of additional potential GIs in Maragondon: Ms. Rowena A. Nuesca of Habing Maragondon; Mr. Jaypee S. Igos of DTI Shared Service Facility (SSF) for bamboo; and Mr. Jerson Angat, a "sapatis" maker. Moreover, the team interviewed grassroots innovators from the Taste, Indulge, Know, Magallanes Entrepreneurship (TIKME FOOD Producers Association) from Magallanes: Ms. Amilyn H. Hierco, sweetened buko with "kayumanis" maker; Ms. Marinell C. George, "bignay" cider maker; and Ms. Delia J. Balogna, "tilbok" maker.

For more updates, LIKE, FOLLOW, AND SHARE the DOST-Cavite Facebook page!

# 'Benteng Bigas Meron Na' rolls out in Calabarzon

**CALAMBA CITY, Laguna (PIA) —** Vulnerable sectors in various parts of Cavite, Laguna, and Rizal were able to purchase rice at just P20 per kilo through the Department of Agriculture's "Benten Bigas, Meron Na" program.

In Dasmariñas City, residents of Barangay Salitran III expressed their gratitude to President Ferdinand R. Marcos Jr. for fulfilling his promise to make rice more affordable for the public.

"Maraming salamat po kay Pangulong Bongbong Marcos sa pagsasakatuparan ninyo ng pangakong gawing bente pesos ang presyo ng bigas. Sana po ay laging may ganito dahil malaki po talaga ang maitutulong nito sa amin," said Bella Maneses, who lined up early to avail of the discounted rice.

Maneses added that the low-cost rice is a big help to her family, especially amid the rising prices of basic goods.

According to City Agriculturist Jennifer Ibayan, the program prioritizes members of the vulnerable sector, such as senior citizens, persons with disabilities (PWDs), solo parents, and beneficiaries of the Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps).

"Suportado ng pamahalaang lungsod ang pagbebenta ng murang bigas na layuning tulungan ang ating mga kababayang kabilang sa vulnerable sector upang magkaroon sila ng sapat at masustansyang pagkain," Ibayan said.

In Santa Rosa City, Laguna, the local government has also begun rolling out the P20-per-kilo rice program, made available every Friday through the Kadiwa ng Pangulo Center.

"Maraming mamamayan ng Santa Rosa ang tumangkilik sa pagbebenta ng mas murang bigas—lalo na ang mga senior citizen, PWD, solo parents, at 4Ps beneficiaries. Alinsunod ito sa direktiba ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. na palawigin ang access ng publiko sa abot-kayang at dekalidad na bigas," the Santa Rosa City Agriculture Office said in a statement.

Aside from affordable rice, the Kadiwa ng Pangulo also offers a variety of quality agricultural products, including fresh fruits and vegetables, other food items, and locally made goods from various parts of Calabarzon.

The Santa Rosa City Agriculture Office reaffirmed the local government's full commitment to ensuring continuous access to affordable and nutritious food for its constituents.

Meanwhile, in Antipolo City, stocks of P20 rice were quickly sold out, reflecting high demand and strong community support for the initiative.

Antipolo City Mayor Andeng Ynares also underscored the local government's full support for the "Bente Bigas, Meron Na!" program, which she said aligns with efforts to make rice more accessible to the general public.

Other LGUs participating in this initiative are Naic in Cavite; and Rodriguez, and Binangonan in Rizal, which are scheduled to sell the affordable rice every Thursday and Friday at designated Kadiwa Centers.

Meanwhile, Kadiwa Centers in Kalayaan in Laguna; and San Mateo, Rizal will offer the subsidized rice every Friday.

The "Bente Bigas, Meron Na!" initiative is part of the Marcos administration's broader commitment to ensuring food affordability and strengthening local food systems under the Bagong Pilipinas governance agenda. ***(PB, PIA4A)***

# PBBM wants respect but is ready to be "mabagsik"

*By PCO*

Usually described as a kind person or "mabait," President Ferdinand R. Marcos Jr. said he prefers to be a respected leader but is also ready to be fierce or "mabagsik."

In the maiden episode of the BBM Podcast on Monday, the President responded to a question that he is "too kind" by saying, "Anong gagawin ko? Maging masamang tao? Siguro dapat nga talaga maging mas mabagsik talaga."

"I want to be respected, but maybe fear is better," President Marcos.

The President expressed frustration at the delay in major national projects and widespread illegal activities and corruption.

President Marcos suggested he needed to be stricter to push through bureaucratic delays on long-term projects.

"Maraming nagsasabi sa akin niyan. Eh anong gagawin ko? Maging masamang tao? Hindi ko na mababago 'yung ugali ko," the Chief Executive said.

"Pero alam mo siguro, dapat nga talaga maging mas mabagsik talaga dahil wala eh, eh kailangan talagang maging mas efficient ang ano, mas mabilis ang pagdating," President Marcos acknowledged.

"Kasama na siguro 'yan sa leksyon namin dito sa naging eleksyon nung nakaraan," President added.

The President said he has fired several appointed officials based on validated reports of corruption without announcing their dismissal.

"Marami na. Marami na talagang- Pero hindi na namin pinag-uusapan kasi gulo na naman eh. Basta umalis ka na, kung hindi kakasuhan ka namin. Ikukulong kita. Umalis ka na lang," said the President.

# Gov't stamping out drug syndicates, says PBBM

*By PCO*

President Ferdinand R. Marcos Jr. said the government is pursuing both primary and small-scale drug dealers while strictly upholding due process and carrying out the anti-drug campaign without resorting to killings.

In the maiden episode of the BBM Podcast on Monday, President Marcos assured the public of the government's renewed focus on addressing the country's illegal drug problem.

"So ngayon, in the same vein, part of the lesson of this election, let's go back to 'yung sa grassroots level. Kung inaalala ng tao, sinasabi, nagbabalikan (ang drugs) dito, sige, tuloy natin 'yung malalaking drug bust," President Marcos said during the podcast's first episode.

"Tuloy natin… ikukulong natin 'yung mga sangkot diyan sa drugs. Pero tingnan na muna natin 'yung mas small offender," the President said.

President Marcos said the renewed anti-narcotics efforts is part of the campaign, in which policemen conduct daily street patrols.

He noted that while anti-drug agencies focus on small drug dealers, due process is observed.

"Kasi talaga, iniwasan ko, 'yung basta may suspect siya o may hinala o may sumbong, basta kung huli, papatayin na lang, di ba? Ah, wala. 'Yun, doon kami lumayo," the President pointed out.

The President also acknowledged the difficulty of neutralizing drug syndicates in the country, considering the large amount of grease money involved.

"Ang sindikato kasama na diyan 'yung police, kasama na diyan 'yung local government. Laking pera eh," he pointed out.

"Ang dami nilang pera. Kaya kahit sa 'yung mga judge, kaya nilang bilhin lahat. Para sa prosecutor, kaya nilang bilhin lahat. Walang panama 'yung sweldo nila sa gobyerno dun sa binibigay ng mga sindikato. Kaya 'yun ang binubuwag namin."

# DA: Poultry supply sufficient amid impending Brazil import ban

*By PCO*

Agriculture Secretary Francisco Tiu Laurel Jr. assured the public of a sufficient supply of poultry products despite the impending temporary import ban on Brazil following reports of its first bird flu outbreak.

Tiu Laurel confirmed that the Department of Agriculture (DA) will impose a countrywide poultry ban on Brazil, the country's top meat supplier.

During the Palace press briefing on Monday, Tiu Laurel said Brazil is not the Philippines' sole supplier of poultry, noting the imposition of the poultry import ban will result in market diversion.

The advantage of Brazil is its lower prices compared to other suppliers, he said.

"I think the price difference is a few percentage lang. So, as far as supply is concerned, I really don't see any issue. Baka may brief supply gap lang na baka one or two weeks, because they have to change origins," Tiu Laurel said.

